**Plano sa Kalusugan at Kaligtasan para sa Direktiba ng Opsiyal sa Kalusugan Blg. 2020-12**
**(inisyu 5/17/20)**

**Para sa mga Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta**

**Pangalan ng Negosyo:** I-klik o tap dito para ilagay ang text.

**Address ng Pasilidad:** I-klik o tap dito para ilagay ang text.

**Maaari ninyong tawagan ang sumusunod na tauhan para sa anumang mga taong o komento tungkol sa protocol na ito:**

**Pangalan:** I-klik o tap dito para ilagay ang text. **Telepono:** I-klik o tap dito para ilagay ang text.

---

**Bawat negosyo na napapailalim sa Health Officer Directive 2020-12 (Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan Blg. 2020-12) ay dapat lumikha, magpaskil, at turuan ang mga Tauhan hinggil sa isang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Plan) na siyang tinutukoy sa bawat item (bilihin o bagay) na nakalista sa ibaba. Maaaring gamitin ng negosyo ang fillable form na ito para kumpletuhin ang mga rekisito (requirement) o maaring lumikha ng sariling dokumento na siyang tutukoy sa mga bagay na itinatakda dito. Dapat magbigay ng mga detalye ang negosyo, katulad ng pagpapaliwanag kung saan nakapaskil ang mga item, papaano nito natuturuan ang mga Tauhan, o kung papaano nito ginagawa ang ibang bagay na kinakailangan. Kung hindi nalalapat ang isang item, maaaring isulat ng negosyo ang "N/A" o "none" o "does not apply" at magbigay din ng mga nauugnay na impormasyon para ipaliwanag kung bakit hindi nalalapat ang isang item kung sakaling magkaroon ng potensyal na pagkalito. Maaaring tanggalin ang iilang seksyon o pahina kung hindi sila nalalapat basta't may kasama itong pahayag mula sa negosyo kung bakit hindi sila nag-apply. Kasama sa nangungunang dalawang seksyon ang Signage (karatula), Edukasyon, at General Requirements (mga karaniwang kinakailangan) na nalalapat sa bawat negosyo. Ang mga natitirang seksyon ay naaangkop lamang sa mga aspeto ng negosyo na mayroong nakalistang uri ng mga serbisyo. Mayroong elektronik na form-fillable na dokumento para sa layunin na ito gamit ang internet na siyang makukuha mula sa www.sfcdcp.org/covid19.**

1. ***Seksyon 1 – Signage at Edukasyon***:

   ***1.1.*** Magpaskil ng signage sa bawat pampublikong pasukan ng pasilidad o lokasyon (kung mayroon man) upang ipaalam sa lahat ng Tauhan at kostumer na kailangan nilang: iwasan ang pagpasok sa pasilidad o lokasyon kung mayroon silang ubo o lagnat, magpanatili ng minimum na anim na talampakang distansya mula sa isa't isa habang nasa loob ng pasilidad o lokasyon, magsuot ng Panakip-Mukha o barrier mask (isang "Panakip-Mukha") sa lahat ng oras, at huwag makipagkamay o makilahok sa anumang hindi kinakailangang pisikal na kontak. Inilatag ang mga Pamantayan sa mga Panakip-Mukha at mga rekisitong nauugnay sa kanilang gamit sa Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan No. C19-12, na inisyu noong Abril 17, 2020 (ang "Kautusan sa Panakip-Mukha"). Makakuha ng mga halimbawang sign online sa https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19.
   I-klik o tap dito para ilagay ang text.

   ***1.2.*** Magpaskil ng kopya ng Protokol sa Social Distancing sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad o lokasyon.

   I-klik o tap dito para ilagay ang text.

   ***1.3.*** Magpaskil ng kopya ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad o lokasyon.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***1.4.*** Ipamahagi sa lahat ng Tauhan ang mga kopya ng Protokol sa Social Distancing at Plano sa Kalusugan at Kaligtasan (o buod ng bawat item na mayroong impormasyon sa kung paano makakakuha ng mga kopya) at anumang materyales na pang-edukasyon na kinakailangan sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***1.5.*** Turuan ang lahat ng Tauhan at ipasunod ang tungkol sa mga rekisito ng Protokol sa Social Distancing at ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan na nalalapat sa mga ito.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***1.6.*** I-update ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan kung kinakailangan habang epektibo ang Direktiba.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.*** ***Seksyon 2 – Mga Rekisito sa Proteksyon at Kalinisan ng Tauhan at Kostumer***:

***2.1.*** Abisuhan ang lahat ng Tauhan nang pasalita at nang nakasulat na huwag pumasok sa trabaho o sa pasilidad kung sila ay may sakit.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.2.*** Magbigay ng kopya ng Attachment sa Exhibit na ito, na may pamagat na "Impormasyon para sa Tauhan (Mga Empleyado, Contractor, Volunteer) ng Esensyal na Negosyo at Iba Pang Mga Negosyong Pinahihintulutang Magpatakbo sa Panahon ng Emergency na Pangkalusugan" (ang "Attachment"), sa lahat ng Tauhan sa format na hardcopy o elektroniko. Makikita ang PDF at mga isinaling bersyon ng Attachment online sa www.sfcdcp.org/covid19 (buksan ang lugar ng "Mga Negosyo at Employer" ng seksyong "Impormasyon at Patnubay para sa Publiko"). Kung updated ang Attachment, magbigay ng in-update na kopya sa lahat ng Tauhan.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.3.*** Repasuhin ang pamantayang nakalista sa Part 1 ng Attachment araw-araw sa lahat ng Tauhan sa loob ng Lungsod bago pumasok ang bawat tao sa mga lugar ng trabaho o magsimula ng kanilang shift. Kung hindi posibleng gawin ang ganitong pagrepaso dahil hindi direktang nakakasalamuha ng Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta ang ilang Tauhan sa lugar araw-araw, kung gayon ay kailangang utusan ng Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta ang mga Tauhan na iyon na (1) repasuhin ang mga pamantayan bago magsimula ang bawat shift sa Lungsod at (2) dapat iulat ng naturang Tauhan sa Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta na maaari na silang magsimula ng shift sa pamamagitan ng app, website, o pagtawag sa telepono. Kailangang magkaroon ang bawat Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta ng pang-araw-araw na tala o iba pang rekord ng lahat ng naturang pagrerepaso at mga ulat para sa lahat ng Tauhan sa Lungsod.

Utusan ang sinumang Tauhan na sumagot ng oo sa anumang tanong sa Part 1 ng Attachment na bumalik sa bahay at huwag pumasok sa trabaho at sundin ang mga direksiyon sa Attachment.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.4.*** Utusan ang Tauhan na nanatili sa bahay o umuwi batay sa mga pamantayang nakalista sa Attachment na kailangan nilang sumunod sa mga pamantayan at gayundin sa anumang nalalapat na mga rekisito mula sa mga direktiba sa quarantine at isolation (available online sa www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp) bago bumalik sa trabaho. Kung kinakailangan silang mag-quarantine ng sarili o mag-isolate ng sarili, maaari lamang silang bumalik sa trabaho pagkatapos nilang kumpletuhin ang self-quarantine o self-isolation. Kung nag-negatibo sila sa virus (walang nakitang virus), maaari lamang silang bumalik sa trabaho pagkatapos maghintay ng ilang tagal ng panahon na nakalista sa Attachment pagkatapos maresolba ang kanilang mga sintomas. Hindi kinakailangan ng Tauhan na magbigay ng medical clearance letter upang makabalik sa trabaho kung natutugunan nila ang mga rekisitong itinatakda sa Attachment.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.5.*** Sa mga darating na linggo maaaring mag-isyu ang Department of Public Health ng mga patnubay na nag-uutos sa mga Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta at iba pang mga pinahihintulutang negosyo na sumunod sa mga rekisito sa testing para sa COVID-19 para sa mga employer at negosyo. Nang hindi kukulangin sa isang beses kada linggo, suriin ang mga sumusunod na website para sa anumang rekisito sa testing para sa mga employer at negosyo: www.sfcdcp.org/covid19. Kung idinagdag ang mga rekisito, siguraduhing na-update ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan at sumusunod ang lahat ng Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta at mga Tauhan sa mga rekisito sa testing.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.6.*** Kung ang aspeto ng Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta ay pinahihintulutan na magbukas ay nabibilang sa iba pang direktiba (katulad ng para sa delivery of goods, na nabibilang sa Direktiba No. 2020-06), ang Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na direktiba, at ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan nito ay dapat kasama sa lahat ng naaangkop na alinsunod sa nasabing direktiba. Ang kopya ng iba pang direktiba ay makikita online sa https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.7.*** Sabihan ang lahat ng Tauhan at kostumer na magpanatili ng hindi kukulangin sa anim na talampakang distansya mula sa isa't isa maliban na lamang kung kinakailangan nang pansamantalang pagproseso o pagtanggap ng bayad at mag-abot ng mga item o maghatid ng mga bilihin. Tandaan na kung ang Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta ay hindi matiyak ang pagpapanatili ng anim na talampakang distansya sa pagitan ng Tauhan o ibang tao sa loob ng pasilidad, tulad ng paglipat ng mga istasyon ng trabaho, o pagkalat ng Tauhan, dapat nitong bawasan ang bilang ng mga pinahihintulutang tao sa pasilidad. Ang pinakamaraming bilang ng mga Tauhan na pinahihintulutan ng Appendix C-1 sa Stay-Safe-At-Home-Order ay maaaring masyadong mataas para sa naturang entidad upang ligtas na gumana, at ang bilang ay dapat mabawasan sa pagkakataong iyon.

**Para sa mga Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta**

***2.8.*** Magbigay ng mga Panakip-Mukha para sa lahat ng Tauhan, na mayroong mga tagubilin na kailangan nilang magsuot ng mga Panakip-Mukha sa lahat ng oras kapag nasa trabaho, alinsunod sa itinakdang Kautusan sa Panakip-Mukha. Makakakuha ng halimbawang sign (karatula) online sa https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19. Pahintulutan ang Tauhan na magdala ng kanilang sariling Panakip-Mukha kung nagdala sila nito na nalinisan ito bago ang kanilang shift. Sa pangkalahatan, dapat na magkaroon ang mga tao ng maraming Panakip-Mukha (maaari mang gamitin muli o hindi) upang matiyak na malinis ang ginagamit nila sa bawat araw. Pinahihintulutan ng Kautusan sa Panakip-Mukha ang ilang mga eksepsiyon, at kailangang alam ng Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta ang mga naturang eksepsiyon (halimbawa, mga batang may edad na 12 taong gulang o mas mababa o batay sa isang nakasulat na medikal na dahilan). Kapag ang Tauhan ay hindi nakasuot ng Panakip-Mukha dahil sa isang eksepsiyon, gumawa ng mga hakbang upang pataasin ang kaligtasan ng lahat.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.9.*** Kung naghihintay ang mga kostumer sa pila sa labas o pumapasok sa isang pasilidad o lokasyong pinapatakbo ng mga Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta, utusan ang mga kostumer na magsuot ng Panakip-Mukha habang nakapila sila sa labas o sa loob ng pasilidad o lokasyon. Kabilang dito ang paggawa ng mga hakbang upang abisuhan ang mga kostumer na hindi sila maaaring pumasok nang walang Panakip-Mukha at hindi sila mapaglilingkuran kung nakapila sila o pumasok nang walang Panakip-Mukha, at gumawa ng mga hakbang upang paalisin ang naturang kostumer, alinsunod sa Kautusan sa Panakip-Mukha. Maaaring magbigay ang Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta ng malinis na Panakip-Mukha sa mga kostumer bago pumasok. Payagan ang mga kostumer na makakuha ng serbisyo kung sila ay pinahihintulutan ng Kautusan sa Panakip-Mukha na hindi magsuot ng Panakip-Mukha, sa pamamagitan ng paggawa ng mga hakbang na makadadagdag sa kaligtasan ng lahat.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.10.*** Maglagay ng lababo na may sabon, tubig, at mga paper towel para sa paghuhugas ng kamay, para sa lahat ng Tauhan na nagtatrabaho sa lugar at sa pasilidad o lokasyon, at gayundin ang mga kostumer (kung ang pasilidad o lokasyon ay mayroong pampublikong banyo o restroom). Utusan ang lahat ng Tauhan na maghugas ng kamay sa pagsisimula at pagtatapos ng kanilang shift, pagkatapos bumahing, umubo, kumain, uminom, manigarilyo (kung pinahihintulutan ng batas at ng pasilidad ang paninigarilyo), o gumamit ng banyo, kapag nagpapalit ng mga gawain, at, hangga't maaari, madalas habang nasa bawat shift. Ang mga Tauhan na nagtatrabaho sa labas ng site, tulad ng pagmamaneho o Pagde-deliver ng mga bilihin, ay kailangang gumamit ng hand sanitizer sa buong oras ng kanilang shift

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.11.*** Magbigay ng hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 sa mga pasukan at mga lugar na bilihan ng lahat ng kostumer at sa iba pang lugar sa loob ng pasilidad o lokasyon para sa Tauhan. Kailangan ding magbigay ng sanitizer sa Tauhan na namimili, naghahatid, o nagmamaneho kapag sila ay namimili, naghahatid, o nagmamaneho. Kung walang makuhang sanitizer, maaaring sapat na ang isang istasyon sa paghuhugas ng kamay gamit ang sabon, tubig, at mga paper towel para sa mga kostumer at ilang Tauhan na nasa site sa lokasyon ng Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta. Ngunit para sa mga Tauhan na namimili, naghahatid, o nagmamaneho na nauugnay sa kanilang trabaho, kailangang maglagay ang

**Para sa mga Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta**

Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta ng hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 sa lahat ng oras; sa anumang oras na kung saan hindi nagbigay ang Esensyal na Negosyo ng sanitizer sa naturang Tauhan na namimili, naghahatid, o nagmamaneho, hindi pinahihintulutan ang Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta na magpatakbo sa Lungsod para sa aspetong iyong ng kanilang serbisyo. Ang impormasyon sa hand sanitizer, kabilang ang sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 at kung paano makakakuha ng sanitizer, ay available online mula sa Food and Drug Administration dito: https://www.fda.gov/drugs/information-drug-class/qa-consumers-hand-sanitizers-and-covid-19.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.12.*** Maglagay ng pang-disimepkta (disinfectant) at mga kaugnay na supply sa Tauhan at utusan ang mga Tauhan na linisin ang lahat ng madalas hawakang lugar, kabilang ngunit hindi limitado sa: mga shopping cart at basket; countertop, display case ng mga pagkain/item, pintuan ng kaha ng refrigerator at freezer, mga drawer ng mga tool o hardware, at mga lugar ng pag-check-out; mga cash register, kagamitan sa pagbabayad, at mga self-check-out kiosk; hawakan ng pintuan; mga tool at kagamitang ginagamit ng Tauhan sa loob ng shift; at anumang kagamitan o aparato na ginagamit sa pagtunton ng imbentaryo o delivery na kailangang hawakan sa buong shift ng trabaho. Ang mga item na ito ay dapat madalas na dinidisinfect sa buong araw, kabilang ang iniaatas sa ibaba. Matatagpuan ang listahan ng mga produktong inilista ng United States Environmental Protection Agency bilang nakakatugon sa mga pamantayan sa paggamit laban sa virus na nagiging sanhi ng COVID-19 dito: https://www.epa.gov/pesticide-registration/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.13.*** Siguraduhin na ang lahat ng mga kagamitan at aparatong halinhinan na ginagamit ay madalas nililinis at sinasanitize ng Tauhan kabilang, ngunit hindi limitado, habang oras ng trabaho at bago magbukas sa umaga o magsara sa pagtatapos ng araw.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.14.*** Utusan ang lahat ng mga Tauhan na iwasan ang paghawak sa mga unsanitized na kagamitan na maaring madalas nahahawakan, tulad ng hawakan ng pinto, kagamitan, o mga credit card, maliban lamang kung may kagamitan sa proteksiyon tulad ng gloves (galing sa Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta) ay ginagamit at itinatapon kada gamit, o ang pag gamit ng sanitizer sa kamay pagkatapos ng bawat pakikipag-ugnay.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.15.*** Parating disimpektahan ang mga silid pahingahan (break room), banyo, at iba pang karaniwang lugar. Lumikha at gumamit ng pang-araw-araw na checklist (listahan ng mga gawain) upang madokumento ang bawat oras ng pag-disimpekta sa mga silid o lugar na ito.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.16.*** Para sa anumang pasilidad o lokasyong pinapatakbo ng Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta na may mga cart, basket, o iba pang kagamitan para sa mga Tauhan, mag talaga ng isang Tauhan upang maadisimpektahan ng mga carts, basket, at iba pang kagamitan kada

gamit bilang isang hakbang upang mapigilan ang pag kuha ng mga nagamit nang cart, basket, o iba pang kagamitan bago pa ito madisimpektahan.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.17.*** Magtatag ng sapat na oras sa loob ng araw ng trabaho upang magbigay-daan sa wastong paglilinis at dekontaminasyon sa buong pasilidad o lokasyon ng Tauhan kabilang, ngunit hindi limitado, bago magsara sa katapusan ng araw at magbukas sa umaga.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.18.*** Itigil ang paggamit ng anumang mga microwave, palamigan ng tubig (water cooler), drinking fountain, at iba pang kapangkat na mga kagamitan para sa pagpapahinga (break) hanggang sa susunod na pagabiso.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.19.*** Kung maaari, maglagay ng harangan sa pagitan ng kostumer at ng kahero, katulad ng plexi-glass temporary barrier (pansamantalang harangan). Kung hindi maaari, lumikha ng sapat na lugar upang mahayaan makatayo ang kostumer ng anim na talampakang agwat mula kahero habang inii-scan/tina-tally ang mga item at insinisilid sa bag.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.20.*** Maglagay ng mga contactless payment system, o kung hindi maaari, i-sanitize ng mga payment system, kabilang ang mga touch screen, payment portal, ballpen, at stylus, pagkatapos ng bawat paggamit ng kostumer. Maaaring magbayad ang mga kostumer ng cash ngunit upang higit pang limitahan ang kontak ng tao sa tao, dapat hikayatin ng Tauhan ang mga kostumer na gumamit ng mga credit, debit, o gift card para sa pagbabayad. I-klik o tap dito para ilagay ang text.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.21.*** Para sa anumang mas malaking pasilidad o lokasyon, magtalaga ng isang sanitation worker sa lahat ng oras upang patuloy na malinis at ma-sanitize ang mga kadalasang nahahawakang lugar (surface) at matugunan ang mga patnubay sa paglilinis ng kapaligiran na itinakda ng Center for Disease Control and Prevention (Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit).

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.22.*** Kung ang isang empleyado o ibang Tauhan ay nagpositibo sa COVID-19, sundin ang patnubay sa "Patnubay ng negosyo kung ang miyembro ng staff ay nagpositibo sa COVID-19," na makikita online sa sf.gov/business-guidance-if-staff-member-tests-positive-covid-19.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.23.*** Magpaskil ng mga karatula tungkol sa maximum na bilang ng kustomer sa pilahan upang hindi nila ito malampasan. Kapag umabot na sa maximum na bilang ng kostumer, dapat payuhan sila na bumalik muli sa ibang oras para maiwasan ang kahabaan o kasikipan ng pila.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.24.*** Maglagay ng tape o iba pang marka sa bangketa (sidewalk) o sa sahig ng hindi hihigit sa anim na talampakang pagitan sa pilahan ng mga kostumer, at maglagay ng karatula para abisuhan ang mga kostumer na gamitin ang marka para mapanatili ang distansya.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.25.*** Kapag muling naglalagay ng mga bilihin sa mga istante (shelf), kung mayroon man, siguraduhin na naghuhugas o nagsa-sanitize ng kamay ang Tauhan bago nila ayusin ang mga item sa istante, at tiyakin na hinuhugasan o nagsa-sanitize sila ng mga kamay kung nakontamina dahil sa paghawak ng mukha o buhok o pagkakalantad sa mga maduming pangibabawan (soiled surface).

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.26.*** Siguraduhin na ang lahat ng Tauhan na namimili o pumipili ng mga item para sa ibang kostumer ay nakasuot ng Panakip-Mukha kapag namimili, nag-eempake, at/o naghahatid ng mga item.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.27.*** Utusan ang Tauhan na hugasan nang madalas ang mga kamay, kabilang ang:

- Kapag pumapasok sa kusina o lugar ng paghahanda ng pagkain
- Bago simulan ang paghahanda o pagsisilbi sa pagkain
- Pagkatapos hawakan ang kanilang mukha, buhok, o iba pang mga parte ng kanilang katawan
- Pagkatapos gumamit ng banyo
- Pagkatapos umubo, bumahing, gumamit ng tissue, manigarilyo, kumain, o uminom
- Bago o pagkatapos humawak ng hilaw na pagkain
- Bago magsuot ng gloves
- Pagkatapos lumahok sa mga aktibidad na maaaring magkontamina ng mga kamay

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***2.28.*** Magtalaga ng Tauhan na magpapanatili sa supply ng sabon at mga paper towel sa mga lababo at mga istasyon ng paghuhugas ng kamay sa bawat oras at maglagay muli ng mga produktong pampatay ng mikrobyo.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

## *3. Seksyon 3 – Mga Ibang Rekisto:*

***3.1.*** Noong Mayo 12, 2020, inilabas ng Estado ng California ang patnubay sa industriya na pinamagatang "COVID-19 Industry Guidance: Logistics and Warehousing Facilities" ("Ang Gabay sa Industriya"), na magagamit online sa http://covid19.ca.gov/pdf/guidance-logistics-warehoisng.pdf. Ang isang kopya ng Gabay sa Industriya ay dapat suriin ng Warehouse and Logistical nakalakip sa Direktiba bilang Exhibit B at isinasama sa Direktiba ng sanggunian na ito. Dapat suriin ng Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta (Warehouse and Logistical Support Businesses) ang Gabay sa Industriya (Industry Guidance) at dapat talakayin ang

bawat isa sa mga pagsaalang-alang at mga rekisito na nakalista sa Gabay sa Industriya (Industry Guidance) sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan (Health & Safety Plan) ng Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta (Warehouse and Logistical Support). Ang Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta ay dapat i-update and Plano sa Kalusugan at Kaligtasan batay sa anumang pag-update sa Gabay sa Industriya sa hinaharap. Dapat matiyak ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan na ang lahat ng Tauhan, mga customer, at mga miyembro ng publiko ay protektado.

**TANDAAN– Dapat talakayin ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan ang lahat ng mga nakasaad sa Gabay sa Industriya. Maaari ninyong isalaysay sa inyong pagtugon sa mga ibang item na nakalista sa dokumento (kung naangkop), maaari kayong magiwan ng detalyadong impormasyon sa seksyon na ito, maaari ninyong gamitin ang ispasyo sa dulo ng dokumentong ito para sa karagdagang impormasyon, at/o kabitan ng mga karagdagang pahina.**

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

***3.2.*** Maaaring baguhin ng Opisyal sa Kalusugan ang Direktiba na ito at isali ang mga karagdagang rekisito sa hinaharap upang tiyakin na napapatakbo ng mga Negosyong Warehouse at Logistikong Suporta Pagawaan sa pinaka ligtas na pamamaraan ngayong panahon ng pandemya.

I-klik o tap dito para ilagay ang text.

**Karagdagang Impormasyon (gamitin ang puwang na ito upang magbigay ng karagdagang impormasyon o maglakip ng mga karagdagang pahina kung kinakailangan)**

I-klik o tap dito para ilagay ang text.